BABALA SA SEGURIDAD

Natagpuan Nila Ang Iyong Aso!

Kamakailanl lang, ang iyong mahal na alaga at pinakamatalik na kaibigan ay nakawala mula sa bahay. Ang iyong aso (pusa, ibon o iba pang alaga) ay ilan linggo nang nawawala at naglagay ka ng mga poster at nagpalabas ng mga patalastas na naghahanp sa sinumang makakatulong na mahanap ang iyong alaga. Sa wakas ay nagbunga ang iyong pagpupursigi. Natagpuan ang iyong aso!

Mukhang ang aso ay naglalakad sa gilid ng highway at nakuha ng isang nagmamalasakit na driver ng truck. Sa paghahabol sa schedule, walang oras ang driver para hanapin ang may-ari ng aso at maibalik kaagad ito. Kung kaya ang aso ay kasama niya sa kabilang bahagi ng bansa at naghihintay na lamang para makauwi. Inilalarawan ng driver ang aso at nagbibigay ng sapat na impormasyon upang maging kapanipaniwala.

Inalok ng driver na ipadala ang iyong aso sa pamamagitan ng eroplano. Tila napaka-maalaga at mapagmalasakit siya. Ni hindi siya humihingi ng pabuya. Kailangan lang niya ng pera upang maisakay ang aso sa eroplano. Dahil nasa daan siya, ipinapayo niya na ipadala ang pera sa pamamagitan ng isang serbisyo sa pagpapadala ng pera. Sa gayon ay mananatili siya sa oras, matatanggap ang mga pondo nasaan man siya at maisasauli ang aso sa lalong madaling panahon.

Ipinadala mo ang pera at alalang naghintay sa airport. Sa kasawiang-palad, ang iyong aso ay hindi dumating. Sa katunayan, ang "nagmamalasakit na driver" ay isang con artist na hindi kailanman nakuha ang iyong aso. Naging biktima ka ng Lost Pet scam.

Lost pet scam (Scam sa nawawalang alaga)

Gaya ng sasabihin sa iyo ng siinumang may kaibigang apat ang paa, mahirap kapag nawala o nasaktan ang mga ito. Ang Lost Pet scam ay ginawa upang samantalahin ang damdamin ng consumer. Nababagabag sa pagkawala ng minamahal na alaga, ang mga consumer ay madalas na naglalagay ng impormasyon kasama ang pangalan ng alaga, mga markang pagkakakilanlan at ang lugar kung saan nawala ito. Ginagamit ng mga con artist ang impormasyong ito para kumbinsihin ang isang consumer na ang kanyang alaga ay natagpuan.

Ang scam ay maaaring iba-iba. Kung minsan ay maaaring subukan kunin ng tao ang anumang pabuya pati na rin ang mga gastusin para maibalik ang alaga. Maaaring sabihin niyang nasaktan ang hayop at kailangan nila ng pera para mabayaran ang pag-aasikaso ng beterinaryo bago maibalik ang alaga. Maaaring sabihin nila na isang kakilala nila ang nagnakaw ng hayop at matutulungan ka nilang maibalik ito – kapalit ng isang halaga. Maaaring tumawag ng ilang ulit ang scammer, nag-iimbento ng parami ng paraming gastusin na kailangang mabayaran para maibalik ang hayop.

Emosyonal man ang mga sitwasyong ito, mahalagang mag-ingat at gamitin ang sentido-kumon kapag nakikipag-usap sa sinuman na humihingi ng pera para maibalik ang isang alaga. Nasa ibaba ang ilang ideya upang makaiwas sa mga lost pet scams:

BABALA SA SEGURIDAD

- Tanungin ang sarili kung ang imporamsyon na ginamit upang makilala ang alaga ay naisama sa isang patalastas o flyer. Kung oo, mag-ingat bago magpadala ng pondo sa hindi kilalang tao.

- Subukang kumuha ng impormasyon tungkol sa hayop na hindi naipalabas sa publiko upang matiyak na ang tao nga, sa katunayan, ang may hawak ng iyong alaga.

- Kontakin ang lokal na alagad ng batas para malaman kung may iba pang tao sa lugar ang naging biktima ng lost pet scam.

- Tandaan, hindi ipinapayo ng Western Unionang paggamit ng mga serbisyo sa pagpapadala ng pera para magpadala ng pera sa isang hindi kilalang tao o isang tao na ang pagkakakilanlan ay hindi mo matiyak.

Lubos na sineseryoso ng Western Union ang problemang panlilinlang sa consumer. Pinahahalagahan namin ang aming mga consumer at alam namin na pinaghihirapan nila ang kanilang pera. Kapag nalamangan ang mga consumer sa pagiging biktima ng panlilinlang, pakiwari namin ay nalamangan din kami. Kung kaya kumikilos kami upang ipaalam ang maraming uri ng panlilinlang sa consumer.

# # #